Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ang Mabuting Samaritano

Isinalaysay ni Hesus sa kanyang mga disipolo ang kuwento ng mabuting Samaritano.

Isang Hudyo ay naglakbay galing Herusalem patungong Jerico. Walang awa na ninakawan ng mga ari-arian at damit, at binugbog pa siya ng mga magnanakaw. Ang kawawang Hudyo ay iniwan sa kalsada na nag-aagaw-buhay.

Isang pari ay nakakita sa napinsalang Hudyo. Ang sugatang Hudyo ay iniwasan at hindi tinulungan ng pari. Ang pari ay nagkunwari na hindi niya nakita ang Hudyong nabiktima. Dumaan ang isang opisyal ng simbahan. Ang opisyal ay hindi rin sumaklolo sa Hudyo.

Isang Samaritano ay nakatagpo at agad na lumapit sa Hudyong sugatan. Hindi magkasundo ang mga Hudyo at ang mga Samaritano. Lubos na naawa ang Samaritano sa naghihingalong Hudyo. Nilinisan at tinakpan ng Samaritano ang mga sugat ng Hudyo.

Ang Hudyo ay kinarga at sinakay ng Samaritano sa kanyang kabayo. Dumating at tumuloy sila sa pinakamalapit na taberna. Inalagaan ng Samaritano ang Hudyo buong gabi.

Binayaran ng Samaritano ang may-ari ng taberna. Nag-iwan din siya ng salapi para sa pagkain at pag-aalaga sa Hudyo. Nangako siya sa may-ari na babalik siya upang bayaran ang kulang.

Ang tunay na kapwa ng Hudyo ay ang Samaritanong nagpakita ng awa sa kanya. Ang ating kapwa ay dapat nating tulungan sa oras ng kanilang pangangailangan. Dapat natin tularan ang ginawa ng mabuting Samaritano.

© 2016 samutsamot.com; Image from http://www.netart.us/good-samaritan-help-half-dead-traveller-coloring-page/

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ayos ng pangungusap

Tingnan ang kuwentong "Ang Mabuting Samaritano" sa susunod na pahina. Bawat pangungusap sa kuwento ay may bilang sa unahan nito. Pagkatapos mong basahin ang kuwento, salungguhitan ang buong paksa o simuno ng bawat pangungusap.

Pagkatapos, isulat sa mga patlang sa ibaba ang titik **K** kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*. Isulat ang mga titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay *di-karaniwan* o *kabalikan*.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____
11. _____
12. _____
13. _____
14. _____
15. _____
16. _____
17. _____
18. _____
19. _____
20. _____
21. _____
22. _____

© 2016 samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ang Mabuting Samaritano

[1]Isinalaysay ni Hesus sa kanyang mga disipolo ang kuwento ng mabuting Samaritano.

[2]Isang Hudyo ay naglakbay galing Herusalem patungong Jerico. [3]Walang awa na ninakawan ng mga ari-arian at damit, at binugbog pa siya ng mga magnanakaw. [4]Ang kawawang Hudyo ay iniwan sa kalsada na nag-aagaw-buhay.

[5]Isang pari ay nakakita sa napinsalang Hudyo. [6]Ang sugatang Hudyo ay iniwasan at hindi tinulungan ng pari. [7]Ang pari ay nagkunwari na hindi niya nakita ang Hudyong nabiktima. [8]Dumaan ang isang opisyal ng simbahan. [9]Ang opisyal ay hindi rin sumaklolo sa Hudyo.

[10]Isang Samaritano ay nakatagpo at agad na lumapit sa Hudyong sugatan. [11]Hindi magkasundo ang mga Hudyo at ang mga Samaritano. [12]Lubos na naawa ang Samaritano sa naghihingalong Hudyo. [13]Nilinisan at tinakpan ng Samaritano ang mga sugat ng Hudyo.

[14]Ang Hudyo ay kinarga at sinakay ng Samaritano sa kanyang kabayo. [15]Dumating at tumuloy sila sa pinakamalapit na taberna. [16]Inalagaan ng Samaritano ang Hudyo buong gabi.

[17]Binayaran ng Samaritano ang may-ari ng taberna. [18]Nag-iwan din siya ng salapi para sa pagkain at pag-aalaga sa Hudyo. [19]Nangako siya sa may-ari na babalik siya upang bayaran ang kulang.

[20]Ang tunay na kapwa ng Hudyo ay ang Samaritanong nagpakita ng awa sa kanya. [21]Ang ating kapwa ay dapat nating tulungan sa oras ng kanilang pangangailangan. [22]Dapat natin tularan ang ginawa ng mabuting Samaritano.

© 2016 samutsamot.com; Image from http://www.netart.us/good-samaritan-help-half-dead-traveller-coloring-page/

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ayos ng pangungusap (Mga Sagot)

Tingnan ang kuwentong “Ang Mabuting Samaritano” sa susunod na pahina. Bawat pangungusap sa kuwento ay may bilang sa unahan nito. Pagkatapos mong basahin ang kuwento, salungguhitan ang buong paksa o simuno ng bawat pangungusap.

Pagkatapos, isulat sa mga patlang sa ibaba ang titik **K** kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*. Isulat ang mga titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay *di-karaniwan* o *kabalikan*.

1. K
2. DK
3. K
4. DK
5. DK
6. DK
7. DK
8. K
9. DK
10. DK
11. K
12. K
13. K
14. DK
15. K
16. K
17. K
18. K
19. K
20. DK
21. DK
22. K

© 2016 samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ang Mabuting Samaritano

[1]Isinalaysay ni Hesus sa kanyang mga disipolo ang kuwento ng mabuting Samaritano.

[2]Isang Hudyo ay naglakbay galing Herusalem patungong Jerico. [3]Walang awa na ninakawan ng mga ari-arian at damit, at binugbog pa siya ng mga magnanakaw. [4]Ang kawawang Hudyo ay iniwan sa kalsada na nag-aagaw-buhay.

[5]Isang pari ay nakakita sa napinsalang Hudyo. [6]Ang sugatang Hudyo ay iniwasan at hindi tinulungan ng pari. [7]Ang pari ay nagkunwari na hindi niya nakita ang Hudyong nabiktima. [8]Dumaan ang isang opisyal ng simbahan. [9]Ang opisyal ay hindi rin sumaklolo sa Hudyo.

[10]Isang Samaritano ay nakatagpo at agad na lumapit sa Hudyong sugatan. [11]Hindi magkasundo ang mga Hudyo at ang mga Samaritano. [12]Lubos na naawa ang Samaritano sa naghihingalong Hudyo. [13]Nilinisan at tinakpan ng Samaritano ang mga sugat ng Hudyo.

[14]Ang Hudyo ay kinarga at sinakay ng Samaritano sa kanyang kabayo. [15]Dumating at tumuloy sila sa pinakamalapit na taberna. [16]Inalagaan ng Samaritano ang Hudyo buong gabi.

[17]Binayaran ng Samaritano ang may-ari ng taberna. [18]Nag-iwan din siya ng salapi para sa pagkain at pag-aalaga sa Hudyo. [19]Nangako siya sa may-ari na babalik siya upang bayaran ang kulang.

[20]Ang tunay na kapwa ng Hudyo ay ang Samaritanong nagpakita ng awa sa kanya. [21]Ang ating kapwa ay dapat nating tulungan sa oras ng kanilang pangangailangan. [22]Dapat natin tularan ang ginawa ng mabuting Samaritano.

© 2016 samutsamot.com; Image from http://www.netart.us/good-samaritan-help-half-dead-traveller-coloring-page/